

# SULAT NI JAIME

Sino itong si Jaime, ang "kapatid ng Panginoon?" Halos hindi siya nababanggit sa Ebanghelyo (Marcos 6:3), ngunit magkagayunman, ilang taon makaraan ang Pentekostes, lumitaw siya bilang namumuno, at maaaring sabihing siya ang obispo ng pamayanang Jerusalem. Pagkatapos, nang lumalaganap na ang Ebanghelyo, waring siya ang itinuturing na may kinalaman sa lahat ng pamayanang Kristiyano na ang nakararami ay mga Judio, na itinatag sa Palestina, Siria at Cilicia (tingnan ang Gawa 15:13-29).

Sa lahat ng apostol, siya ang lalong napailalim sa mga tradisyong Judio (na kabaligtaran ni Pablo). Sa pagpapahayag niya sa mga mananampalataya ng Jerusalem, tinuruan niya ang mga iyon ng mga payak at praktikal na bagay, na pinasigla ng karunungan ng Matandang Tipan. Naririnig natin ang alingawngaw ng kanyang pangangaral kung Linggo sa liham na iniukol niya sa mga Kristiyano ng lahing Judio na naninirahan sa kanyang malaking diyosesis.

Tinatawag ang mga ito na "labindalawang lipi na ikinalat sa mga bansa," isang pangalang ikinapit sa mga Judio na namalagi sa labas ng bayang tinubuan. Sinulat marahil ang liham sa pagitan ng mga taong 50 at 60 pagkasilang ni Kristo.

Sapagkat hindi nagtataglay ang liham ng mga pangangaral ng doktrina, hinamak iyon ng iba. Ngunit, ang totoo, ang liham ay nagtataglay ng pinakamahalaga at makabuluhang katuruang moral, laluna ang may kinalaman sa katarungan.

**Matiyagang nakatatagal sa pagsubok**

**1** 1 Bati ni Jaime, na lingkod ng
Diyos at ng Panginoong Jesucristo,
sa labindalawang tribu na nakakalat sa
iba't ibang bansa.

• 2 Ituring ninyong tunay na kali-
gayahan, mga kapatid, tuwing magda-
ranas kayo ng iba't ibang pagsubok.
3 Alam nga ninyo na sa pagsubok sa in-
yong pananampalataya kayo magiging
matatag. 4 At kailangang maging ganap
ang katatagan ng inyong pananam-
palataya upang kayo'y maging ganap at
perpekto at walang pagkukulang sa ano
man.
5 Kinukulang ba ng karunungan ang isa
sa inyo? Humingi siya sa Diyos na masa-
gana at kusang loob na namimigay sa
lahat at pagkakalooban siya. 6 Pero hu-
mingi siya nang may tiwala; huwag
siyang mag-alinlangan at matulad sa alon
sa dagat na tinatangay at ipinapadpad ng
hangin. 7 Huwag isipin ng gayong tao na
tatanggap siya ng anuman sa Panginoon;
8 ito'y taong hati ang puso na laging nag-
uurong-sulong sa kanyang ginagawa.
9 Magmapuri nawa ang abang kapatid
kung pataasin siya, 10 at ang mayaman
naman kung ibaba pagkat lilipas siyang
gaya ng bulaklak ng damo. 11 Pagsikat at
pag-init ng araw, natutuyo ang damo,
nalalagas ang bulaklak at nawawala ang
ganda nito. Gayon din malalanta ang ma-
yamang may mahalagang negosyo.
12 Mapalad ang taong nagtitiis ng
pagsubok; pagkasubok sa kanya, pupu-
tungan siya ng buhay na ipinangako ng
Diyos sa mga nagmamahal sa kanya.
13 Huwag namang sabihin ng natutukso:
"Tinutukso ako ng Diyos." Hindi nga ma-
tutukso ang Diyos ng sinumang masama
at hindi siya nanunukso sa kaninuman.
14 Tinutukso ang bawat isa sa paghila at
paghikayat sa kanya ng sarili niyang
nasa. 15 Pagkapaglihi ng nasa, ipinapa-
nganak nito ang kasalanan; paglaki
naman ng kasalanan ay nagdudulot ito ng
kamatayan.

• 16 Kayat mga kapatid kong mina-
mahal, huwag sana kayong mamali.
17 Nagmumula sa itaas ang lahat ng
mabuting kaloob at ganap na regalo; nag-
bubuhat ito sa Amang nasa kaliwanagan,
na hindi nagbabago ni paiba-iba.
18 Kusang-loob niya tayong ipinanganak
sa salita ng katotohanan upang tayo'y

---

• **1.2** Lalong makapukaw-damdamin sa simula ng liham ang katatagan ng pananampalataya. Si Jaime ay isang taong hindi nag-aatubili at nadarama natin ang katiyakan ng kanyang paninindigan: *humingi kayo sa Diyos na masaganang namimigay sa lahat. Tunay na kaligayahan tuwing magdaranas kayo ng pagsubok.*

*Ang pagsubok sa inyong pananampalataya* (3). Hindi tayo naririto sa daigdig na ito upang lumasap lamang ng kasiyahan. Dapat nating samantalahin ang panahong ipinagkakaloob sa atin ng Diyos upang tayo ay umunlad at maging mga taong hinog ang kaisipan. Kakaunti ang nalalaman ng taong hindi nakapagtitiis ng paghihirap. At hindi nababatid ng karamihan sa naghihirap na utang nila sa sanlibong sagabal na kanilang nalampasan ang pinakamabuti sa kanila.

Hindi nakapagliligtas sa mga dukha ang pagbibigay sa kanila ng makakain, kundi ang pagtulong sa kanila upang mapakiharapan ang kanilang kapalaran, at nang makilala ang kanilang sarili sa pagsisikap nila at matuklasang wala silang magagawa kung hindi muna nila kikilalanin ang kanilang mga kapatid at kikilos na kasama ang mga iyon.

*Kinukulang ba ng karunungan ang isa sa inyo?* (5). Inilagay ng Diyos sa gitna natin ang lahat ng kailangan upang malutas ang ating mga problema. Gayundin sa kanya galing ang karunungan upang manindigan at hindi sumuko.

*Humingi siya nang may tiwala* (6) Nakatitiyak ang sinumang humihingi nang walang alinlangan kung ano ang mga balakid na hinahangad ng Diyos na mailayo sa atin.

*Huwag namang sabihin* (13). Maraming tao ang lihim na naghihinanakit sa Diyos at hindi pinalalampas ang anumang pagkakataon upang sisihin siya sa mga sariling pagkakamali.

• 16. *Ang Amang nasa kaliwanagan na hindi nagbabago ni paiba-iba* (17). Pabagu-bago naman tayo, kaya inaanyayahan tayo ni Jaime na tumingala sa Ama na hindi nagbabago, na ang kabanalan at kaligayahan ay walang nakahihipo. Anong kahanga-hangang bagay: sa kanyang kawalang-hanggan, nasisiyahan ang Ama sa ating presensiya, samantalang tayo'y nabubuhay sa kapangyarihan ng panahon at hindi pa nakababatid kung paano itutuon ang paningin

maging pinakapiling bahagi ng kanyang
mga kinapal.
19 Nalalaman ninyo, mga minamahal
kong kapatid, na dapat maging listo ang
bawat isa sa pakikinig at di-agad magsa-
lita. Di-agad sana siya magalit, 20 sapag-
kat hindi natutupad ng galit ng tao ang
makatarungang gawa ng Diyos. 21 Kaya
itakwil ninyo ang anumang maruming
asal at ang iba pang kasamaan, at tang-
gapin nang may mababang-loob ang
salitang itinanim na siyang makapaglilig-
tas sa inyo.
22 Nawa'y isagawa ninyo ang Salita at
huwag pakinggan lamang. Huwag nin-
yong linlangin ang inyong sarili: 23 ang
nakikinig lamang sa salita at di nagsasa-
gawa nito ay 24 kagaya ng isang nanala-
min na pagkapanalamin ay umalis at di
na naalaala kung anong itsura niya.
25 Kung may umiintindi naman sa ganap
na batas na pangkalayaan, at di-
nakakalimot matapos makinig, kundi
nananatili dito at nagsasagawa nito,
magiging mapalad siya sa kanyang
ginagawa.
26 Kung may maka-Diyos sa kanyang
sariling palagay at di naman nagpipigil ng
kanyang dila, walang katuturan ang
kanyang relihiyon: nililinlang niya ang
kanyang sarili. 27 Ano ang dalisay at
walang kapintasang relihiyon sa mata ng
Diyos at Ama? Ang pangalagaan ang
mga ulila at biyuda sa kanilang kahirapan
at manatiling walang dungis sa daigdig na
ito.

**Tungkol sa kawanggawa**

**2** • 1 Mga kapatid, huwag ninyong
isama sa relihiyon ng ating ma-
luwalhating Panginoong Jesucristo ang
pagtatangi-tangi sa mga tao. 2 Baka may
pumasok sa inyong pagtitipon na isang
taong nakabarong na may gintong
singsing at may pumasok ding isang
dukha na marumi ang damit. 3 At baka
tanggapin ninyo nang malugod ang
nakabarong na tao at sabihin sa kanya:
"Heto po ang unang upuan," at sabihin
naman sa dukha: "Tumayo ka roon," o
kaya: "Maupo ka sa aking tuntungan."
4 Kung magkagayon, hindi ba kayo nagta-
tangi-tangi sa mga tao at nagtatangi-tangi
nang may masasamang katwiran?
5 Makinig kayo, mga minamahal kong
kapatid, hindi ba pinili ng Diyos ang mga
dukha sa paningin ng tao upang maging
mayaman sa pananampalataya at mag-
mana ng kahariang ipinangako niya sa
mga nagmamahal sa kanya? 6 At kayo

---

sa kanya. Kailangang makamit natin ang katulad na katatagan at katapatan na nasa Diyos.

*Ipinanganak niya tayo* (18). Katulad ito ng sinasabi sa 1 Pedro 1. Ipinagugunita nito ang binyag na sa pamamagitan nito tayo tumatanggap ng bagong buhay. Ganito ang ginawang pagwawakas ni Jaime: laging kailangang pagnilayan natin ang salita ng Diyos upang matuklasan kung ano ang hinihingi niyon sa atin. Hindi sapat na napaunlad natin ang ating buhay bilang paghahanda sa binyag, ngunit kailangang magtiyaga patungo sa landas ng kabutihan.

• **2.**1 Malinaw ang sinasabi ni Jaime: hindi Kristiyano ang pagtatangi-tangi sa mga tao (4). Ngayon, karaniwan nang nagagawa ang ganitong pagtatangi. Tinatanggap nang mabuti ang taong mahusay magbihis at pinapaghihintay ang mga dukha sa lahat ng dako. Kung hindi natin pinapansin ang sinumang itim, o dukha, o isang banyaga, at sa kabilang dako ay tinatanggap natin ang may kotse o mayaman, gumagawa tayo ng kasuklam-suklam na pagtatangi. Sinumang patuloy na gumagawa ng mga pagtatangi-tangi ay hindi pa tinatanggap ang Ebanghelyo.

*Pinili ng Diyos ang mga dukha upang maging mayaman sa pananampalataya.* Mga dukha ang mga apostol, na nananalig at ikinakalat ang mensahe na nakapagpabago sa paganong imperyo Romano. Wala silang salapi at impluwensya ngunit napakayaman nila sa pananampalataya. Sumusulat si Jaime para sa mga dukha sa salapi, ngunit mayaman sa pananampalataya.

Sinasabi ni Jaime na nilalapastangan ng mayayaman ang pangalan ni Kristo. Maaaring tinutukoy niya ang mayayaman na hindi sumasampalataya at pinagtatawanan ang mga payak na mananampalataya. Maaaring tinutukoy niya ang mayayamang "Kristiyano" na ang uri ng pamumuhay ay nagdudulot ng pagtuligsa sa pangalan ni Kristo. Nilalapastangan nila ang pangalan ni Kristo at lumilikha ng paglibak laban sa simbahan.

Inaanyayahan ni Jaime ang simbahan na suriin ang sarili upang matuklasan kung iginagalang ang dignidad

pala ang humahamak sa dukha! Hindi ba
ang mayayaman ang naniniil sa inyo at
kumakaladkad sa inyo sa mga hukuman?
7 Hindi ba ang mayayaman ang lumalait
sa magandang pangalang inyong tina-
taglay?

8 Mabuti naman ang inyong gagawin
kung tutuparin ninyo ang haring-Batas na
nasa Kasulatan: "Ibigin mo ang iyong
kapwa gaya ng iyong sarili." 9 Ngunit
kung nagtatangi-tangi kayo, nagkakasala
kayo at isinasakdal kayo ng Batas bilang
mga suwail. 10 Kung may tumupad sa
lahat ng nasa Batas ngunit lumalabag
sa isa, itinuturing siyang nagkakasala sa
lahat. 11 Sapagkat ang nagsabing: *"Hu-
wag kang makiapid"* ay nagsabi ring
*"Huwag kang pumatay."* Hindi ka man
nakikiapid ngunit pumapatay ka, nilabag
mo na ang Batas.

12 Kaya magsalita kayo at gumawa
nang marapat sa mga taong huhukuman
ayon sa batas na mapagpalaya. 13 Sapag-
kat magiging walang-habag ang pag-
hahatol sa walang-awa; daig nga ng awa
ang hatol.

**Ang pananampalataya ay nakikita sa gawa**

• 14 Ano ang kabutihan nito, mga
kapatid, kung sabihin ng sinuman na
mayroon siyang paniniwala, pero wala
siyang gawa na bagay dito? Maliligtas ba
siya ng paniniwala? 15 Kung walang
maisuot ang isang kapatid at walang
makain sa araw-araw, 16 sasabihin ba sa
kanya ng isa sa inyo: "Pagpalain ka nawa
ng Diyos, magbihis ka at magpaka-
busog."? Ano ang kabutihan nito kung
hindi ninyo sila bibigyan ng kailangan ng
kanilang katawan? 17 Gayon din naman
ang paniniwala, kung walang kasamang
gawa: patay ito.

18 At isa pa. Masasabi: "Mayroon kang
paniniwala at ako naman, mga gawa.
Ipakita mo sa akin ang paniniwala mong
walang gawa, at ipakikita ko naman sa iyo
ang aking paniniwala sa pamamagitan ng
mga gawa." 19 Naniniwala kang may
iisang Diyos? Mabuti! Naniniwala rin ang
mga demonyo at nanginginig pa sila.

20 Gusto mo bang matiyak, taong ha-
ngal, na walang kabuluhan ang pani-
niwala kung walang kasamang gawa?
21 Hindi ba nagawang matuwid at banal
ang ating amang si Abraham bunga ng
mga gawa noong ialay niya sa altar ang
kanyang anak na si Isaac. 22 Nakikita mo
na nakatulong ang paniniwala sa kanyang
mga gawa, at naging ganap ang kanyang
paniniwala sa tulong ng mga gawa. 23 At
nangyari ayon sa nasasabi: *Sumasam-
palataya si Abraham sa Diyos at dahil*

---

ng mga dukha ng pakikitungo natin sa isa't isa sa mga institusyon ng simbahan. Nakikisalo ba ang mga pastor ng simbahan sa pagkain sa mga karaniwang pamilya o nakikitang kasa-kasama ng mga may-kapangyarihan? Namamayani ba ang impluwensya ng mga taong higit ang pananampalataya o ng mga taong ipinagtatanggol ang salapi? Ipinagtatanggol ba ng simbahan ang mga karapatan ng mga dukha?

Laging inaalalayan ng ilan sa Iglesya ang sinasalungat ni Jaime, sa pagsasabing: "dapat kaming magmahal sa mga mayaman – o, mas totoo: maging kaibigan nila, sapagkat kailangan natin ang pera nila para makatulong sa mga dukha". Kaya ba gugugulin ng mga may tungkulin sa Iglesya ang mas malaking bahagi ng kanilang buhay kasama ng ilang kaunting may mariwasang pamumuhay? Anong *pagtatangi-tangi sa mga tao!* Makatutulong ang pera ng mayaman sa ilang dukha, pero halos walang silbi ito sa pag-eebanghelyo sa kanila: tumanggi rito si Jesus. Bukod dito, nasisira ng ganitong kasamaan ang mga may tungkulin sa Iglesya sa bulag na pagpasok nila sa maka-mundong pamumuhay at sa wakas *nalalait ang pangalan ni Kristo.*

*Ayon sa batas pangkalayaan* (12). Nagkakaisa sina Pablo, Juan, Pedro at Jaime na hindi tayo masisiyahan sa pagsunod lamang sa mga utos, o sa paggalang sa kagustuhan ng Panginoon upang hindi masangkot sa gulo. Batas ng mga Kristiyano ang pagkakatalaga nila kay Kristo, kaya malaya at bukas-ang-loob sila sa pagsunod nila sa kahit anumang batas.

• 14. Kailangan ang pananampalataya ngunit hindi matutulad ang pagsunod kay Kristo sa pagsunod lamang sa teoriya; kailangang makita iyon sa mga kilos, sa mga gawa. Gayundin ang sinasabi ni Kristo sa Mateo 7:21: "Hindi lahat ng nagsasabing: 'Panginoon, Panginoon...'"

Tingnan natin ang dalawang halimbawang sinipi ni

*dito ibinilang siya na matuwid."* At tina-
wag siyang kaibigan ng Diyos.
24 Kaya nakikita ninyo na hindi sa
paniniwala lamang nagagawang matuwid
ang tao kundi bunga ng mga gawa.
25 Gayon din naman ibinilang na matuwid
ang babaeng bayarang si Rahab dahil sa
mga gawa niya noong tanggapin ang mga
sugo at pinalakad sila sa ibang daan.
26 Kaya kagaya ng katawang patay kung
wala ang espiritu, patay din ang pana-
nampalataya kung walang mga gawa.

**Tungkol sa dila**

3 1 Mga kapatid ko, huwag kayong
maging guro lahat. Nalalaman nga
ninyo na mahigpit ang paghahatol sa atin
2 at may pagkakamali nga tayong lahat.
Tunay na ganap na lalaki ang di nagka-
kamali sa pananalita sapagkat mayroon
siyang kakayahang supilin ang buo
niyang katawan. 3 Nilalagyan lamang
natin ng bokado ang bibig ng kabayo
upang sumunod ito sa atin at nasusupil
natin ang buong katawan nito. 4 Gayundin
ang mga barko. Malalaki man ang mga ito
at itinataboy ng malalakas na hangin,
naibabaling pa rin ng makitid na timon
saanman ibigin ng piloto. 5 Gayon din
naman ang dila: maliit na sangkap ito,
pero malaki ang nagagawa.
Kayliit ng apoy, at kaylaki ng gubat na
natupok nito! 6 Isa ngang apoy ang dila at
isa ring daigdig ng kasamaan sa gitna ng
mga bahagi ng katawan. Pinasasama nito
ang buong pagkatao at pinapag-aalab
ang mundo sa apoy ng impiyerno.
7 Mapapaamo ng tao ang lahat ng uri ng
hayop at ibon, mga gumagapang at mga
nabubuhay sa tubig. 8 Pero walang taong
makapagpapaamo sa dila; ito'y isang di
mapigil na kasamaan na puno ng lasong
nakamamatay.
9 Ginagamit natin ang dila para
magpuri sa Panginoon at Ama at sa dila
rin natin sinusumpa ang mga taong
nilalang ayon sa wangis ng Diyos. 10 Sa
iisang bibig lumalabas ang pagbabasbas
at ang panunumpa.
11 Mga kapatid, hindi dapat mangyari
ito. Dumadaloy ba sa iisang bukal ang
matamis na tubig at ang mapait? 12 Mga
kapatid, puwede bang mamunga ng olibo
ang punong igos o ng mga igos ang
punong ubas? Kailanma'y di bubukalan
ng matamis na tubig ang maalat na
bukal.

**Tunay na kalayaan**

• 13 Sino sa inyo ang may karunungan
at kaalaman? Ipakita niya ito sa mabuting
pamumuhay pati ang kanyang mga
gawang may kababaang-loob at karu-
nungan. 14 Subalit kung pagkainggit at
pagtatalu-talo ang nasa puso ninyo,
huwag kayong magmapuri, at nang di
lumabag sa katotohanan. 15 Hindi sa itaas
galing ang ganyang karunungan, kundi sa
mundo, pantao lamang at maka-
demonyo. 16 Sapagkat kung saan may
pagkainggit at pagtatalu-talo, doon may
kaguluhan at lahat ng masasamang
gawain.
17 Ang karunungang galing sa itaas,
unang-una ay dalisay; mapayapa rin ito,
mapagbigay, may magandang-loob,

---

Jaime sa Matandang Tipan at ihambing natin sa Hebreo 11:31, at higit sa lahat ay sa Roma 4 (Galasya 3). Waring magkaibang pangaral ang nabubuo nina Jaime at Pablo mula sa parehong halimbawa. Sinasabi ni Pablo: Si Abraham ay matuwid dahil sa pananampalataya, at hindi dahil sa mga gawa niya. Sinasabi naman ni Jaime na naliligtas siya bunga ng mga gawa. Sa mga gawa ang ibig sabihin ni Pablo ay ang mga batas at pagdiriwang ng relihiyon at sinasabi niya na hindi bunga ng kabutihan ng tao ang pagtawag ng Diyos sa kanya. Iniisip naman ni Jaime ang mga gawa na pinasibol ng pag-ibig. Ganito rin ang sinabi ni Pablo nang isulat niya: "Gumagawa ang pananampalataya sa pamamagitan ng pag-ibig." (Galasya 5:6).

• **3**.13. Napakaraming tao sa gitna natin na naniniwalang "alam nila ang lahat-lahat." Ipinakikita ng ating pag-uugali ang tunay na karunungan. Ano ang kahalagahan ng karanasan? Pinapagka-kaisa ng isang tunay na matalinong nilikha ang mga tao. Pinapaghihiwalay at hinahati ang mga tao ng huwad na karunungan. Tinutukoy ni Jaime ang karunungang

puspos ng pagkaawa at ng mabubuting
bunga, hindi nagtatangi, hindi nagku-
kunwari. 18 Naghahasik ng kapayapaan
ang mga gumagawa ng kapayapaan, at
kabanalan ang inaani nila.

**Tungkol sa mga alitan**

**4** • 1 Ano'ng dahilan ng inyong
mga labanan at mga alitan? Hindi
ba ang inyong masimbuyong mga
damdamin na nagdidigmaan sa inyong
kalooban? 2 Naghahangad kayo at wala
kayong matamo; pumapatay kayo dahil
naiinggit at wala kayong makamit; kaya
naglalaban kayo at nagdidigmaan kayo.
3 Humingi man kayo, hindi rin kayo ta-
tanggap, sapagkat masama ang inyong
paghingi, na para sundin lamang ang
inyong layaw.

4 Mga nakikiapid! Hindi ba ninyo alam
na kaaway ng Diyos ang pakikipag-
kaibigan sa daigdig? At kaaway ng Diyos
ang sinumang hangad na makipag-
kaibigan sa mundo. 5 Huwag ninyong
balewalain ang sinasabi ng Kasulatan:
Masigasig na nagnanais ang espiritung
nasa atin, 6 ngunit mas malakas pa ang
ipinagkakaloob na grasya. At sinasabi rin:
*Tumututol ang Diyos sa mga palalo
ngunit nagkakaloob sa mga mababang-
loob.*

7 Pasakop nga kayo sa Diyos, tutulan
ang demonyo at tatakas ito sa inyo.
8 Lumapit kayo sa Diyos at lalapitan niya
kayo. Linisin ang inyong mga kamay,
mga makasalanan; dalisayin ang inyong
mga puso, kayong pabagu-bago ng isip.
9 Mamighati kayo, tumangis at umiyak.
Mapalitan nawa ng pagluluksa ang inyong
tawa at ng pag-iyak ang inyong galak.
10 Magpakumbaba kayo sa harapan ng
Panginoon at itataas niya kayo.

11 Huwag kayong magpintasan, mga
kapatid. Laban sa batas ang nagsasalita
laban sa kapatid at ang humahatol sa
kapatid ay sa batas humahatol. At kung
nagsasalita ka laban sa Batas, hindi ka na
nagsasagawa ng Batas kundi nagiging
hukom ka nito. 12 Pero iisa lamang ang
hukom, na siya ang nagtatag ng Batas.
Siya ang makapagliligtas at siya rin ang
magpapahamak.

13 Makinig kayo ngayon, kayong
nagsasabing: "Ngayon o bukas kami
maglalakbay sa gayong lunsod. Titira
kami roon nang isang taon; upang mag-
negosyo at tumubo." 14 Pero hindi ninyo
alam kung ano ang bukas. Ano ba ang
inyong buhay? Isang usok lamang kayo
na sandaling lumilitaw at saka napapawi.
15 Ganito sana ang inyong sabihin: "Kung

---

praktikal, hindi teoretikal. Hinahanap ng tunay na marunong ang katarungan at kapayapaan.

• **4.**1 *Masama ang iyong paghingi.* Sinasabi sa atin ni Jaime na natatamo ng panalangin para sa atin ang mga bagay na tutulong upang makatugon tayo sa plano ng Diyos (tingnan ang 1:5-8). Ngunit hindi pakikinggan ang ating mga panalangin kung *ang pakikipagkaibigan sa daigdig* ang humahalili sa Diyos sa ating mga puso.

Ano *ang pakikipagkaibigan sa daigdig* na humahadlang upang marinig tayo? Nililiwanag natin ito sa komentaryo ng Juan 3:17 at 1 Juan 2:15. Hinihingi sa atin ng Diyos na ibigin ang lahat ng bagay na nilikha niya, at tinitingnan ang mga iyon bilang paraan sa paglapit sa kanya, at talikuran ang anumang hindi ito magagawa. *Kapag umiibig sa sanlibutan* ay hinahangad at kumakapit sa mga bagay nang hindi hahanapin sa kabila ng mga iyon ang Diyos at ang mga kapatid na ipinagkaloob niya sa atin. Ito ay *pakikiapid* na katulad ang kahulugan mula sa Ebanghelyo: "Walang sinumang makapaglilingkod sa dalawang panginoon" (Mt 6:24). Hindi maaaring hatiin ng tao ang kanyang pag-ibig sa Diyos at sa daigdig, at hindi rin tayo makahihingi ng tulong sa Diyos upang bigyang-kasiyahan ang ating makasariling ambisyon.

*Ang pagpintas sa iba* ay katulad ng paghamak sa kautusan ng pag-ibig. Kailangang makita natin at paminsan-minsan ay sabihin, ano ang mali sa isang gawa, ngunit hindi tayo hinirang na hatulan at sumpain ang ating mga kapatid na lalaki at babae. Anong nakapanghihilakbot na kasalanan, kung sa mismong Iglesya, may grupong Kristiyano na inuubos ang kanilang panahon sa pagsusuri, pagsusuplong at pagsumpa sa sinasabi, isinulat at ginagawa sa layuning apostoliko ng ibang Kristiyano! (Tingnan ang Roma 14:4 at Mateo 7:1).

*Kayong nagsasabing* (13). Lahat tayo ay gumagawa ng maraming balak: upang kumita nang higit na malaki, upang makabili ng mga bagay-bagay, upang

loloobin ng Panginoon, mabubuhay pa
kami upang gawin ito o iyon." 16 Sa halip,
kayo'y nagmamapuri sa inyong mga ka-
palaluan. Masama talaga ang lahat ng
ganitong pagmamapuri. 17 Nagkakasala
nga ang nakaaalam na gumawa ng
mabuti at hindi ginagawa ito.

**Laban sa mayayaman**

5 • 1 Makinig kayo ngayon, maya-
yaman. Tumangis na kayo at
humagulgol dahil sa sakunang darating
sa inyo. 2 Nabulok na ang inyong kaya-
manan at sinira ng kulisap ang inyong
mga damit. 3 Kinalawang maging ang
inyong ginto at pilak. Ang kalawang na
iyon ang sasaksi laban sa inyo at parang
apoy na uubos sa inyong laman. Narito na
nga ang mga huling araw nang pag-iipon
ninyo!

4 Sumisigaw talaga ang upa ng mga
manggagawang gumapas sa inyong mga
bukid dahil ipinagkait ninyo ito, at umabot
sa pandinig ng Panginoong Sabaot ang
daing ng mga nag-ani sa inyong bukid.
5 Puro luho at bisyo lamang ang inyong
pamumuhay sa lupa, nagpasasa kayo sa
araw ng patayan. 6 At hinatulan naman
ninyo at pinatay ang taong makataru-
ngan; hindi nga siya makalaban sa inyo.

**Maghintay sa pagdating ng Panginoon**

7 Tumagal sana kayo, mga kapatid,
hanggang sa pagdating ng Panginoon.
Tingnan ninyo ang paghihintay ng
magsasaka sa mahalagang bunga ng
lupa; naghihintay siya hangga't di-
sumasapit ang una at ang huling ulan.
8 Kaya maghintay din kayo at palakasin
ang inyong loob, sapagkat malapit na ang
pagdating ng Panginoon.

9 Huwag kayong maghinanakit sa isa't
isa, mga kapatid, upang hindi kayo ma-
hatulan: nakatayo na sa pintuan ang
Hukom. 10 Mga kapatid, maging huwaran
ninyo ang mga propeta na nagsalita sa
pangalan ng Panginoon; tingnan ninyo
ang kanilang pagtitiis at pagtagal, 11 at
sinasabi natin ngayon na mapalad silang
nagtiis. Narinig ninyo ang pagtitiis ni Job
at nakita ninyo ang ginawa ng Panginoon
sa bandang huli: *pagkahabag nga at
pagkaawa ng Panginoon.*

12 Higit sa lahat, mga kapatid, huwag
kayong manunumpa; huwag ninyong sa-
bihin: "Saksi ang langit," o "saksi ang
lupa," o ang anupaman. Maging "oo" ang
inyong "oo," at "hindi" ang inyong "hindi,"
at baka magkasala kayo.

**Ang maysakit**

• 13 May nahihirapan ba sa inyo? Mana-
langin siya. May natutuwa? Umawit siya
ng mga salmo. 14 Maysakit ba ang sinu-
man sa inyo? Ipatawag ang Matatanda ng

---

maglimayon. At ang malubhang pangyayari ay nalilimutan nating makagawa ng mabuti. Alam nating kailangang gawin iyon, at alam naman nating gawin, ngunit hindi natin alam kung magkakaroon tayo ng panahon na gawin iyon. Baka mamatay tayo nang hindi nagagawa kung alin ang lalong mahalaga.

• **5.**1 Mawawala sa mga masalapi kung anuman ang kanilang natipon dahil sa kawalang-katarungan. Lalapain sila ng pagsisisi, tulad ng apoy. Maglalaho ang mga kayamanan sa araw ng paghuhukom:

a) dahil sa kawalang-katarungang ginawa upang makamkam ang kayamanan o dahil sa hindi pagbabayad sa sahod ng mga manggagawa;

b) dahil sa lisyang paggamit: para sa kasiyahan at pagmamarangya;

k) dahil sa paghatol nila ng kamatayan sa mga taong walang-laban.

Nagaganap na naman ngayon kung ano ang naganap nang kapanahunan ni Jaime. Utang ng mga nabubuhay sa kasaganaan ang kanilang pananagana sa dalawang bilyong taong naghihikahos. Taun-taon, ang pagtatanggol sa kanilang pribilehiyo ay nagbubunga ng walang-katarungang kamatayan ng angaw-angaw na tao, sa pamamagitan ng gutom, panunupil at digmaan.

Sino ang dapat managot sa gayong kalagayan, kung sa maraming mga bansa, ang nagsisikap na maturuan at mapagkaisa ang mga kapwa magsasaka at manggagawa, ay binabantaang aalisan ng hanapbuhay o papatayin, samantalang ang iba ay nananatili sa kamangmangan at kagutuman?

• 13. Ipinaaalam sa atin ng mga salita ni Jaime na nagpatuloy ang Iglesya – at dapat magpatuloy ngayon – sa pagdadala ng pag-aliw ni Kristo sa mga maysakit.

Iglesya. Ipananalangin siya nila at papa-
hiran ng langis sa ngalan ng Panginoon.
15 Ikagagaling ng may karamdaman ang
panalanging may pananampalataya at
ibabangon siya ng Panginoon at pata-
tawarin.

• 16 Ipagtapat ninyo sa isa't isa ang
inyong mga kasalanan at idalangin ang
isa't isa upang gumaling kayo. Mabisa
ang taimtim na panalangin ng taong
matuwid. 17 Tao lamang si Elias na kagaya
natin. Mataimtim siyang nananalangin
upang huwag umulan at di nga umulan sa
lupa sa loob ng tatlong taon at anim na
buwan. 18 Nang muli siyang manalangin,
nagbigay ng ulan ang langit at namunga
ang lupa.

19 Mga kapatid ko, maaaring malihis sa
katotohanan ang isa sa inyo at may mag-
papanumbalik sa kanya. 20 Tandaan ninyo
ito: ang magpapanumbalik sa isang
makasalanan mula sa kanyang pagkaka-
mali ay maliligtas ang kanyang kaluluwa
at *matatakpan ang maraming kasala-
nan.*

---

Parehong gumagaling ang katawan at ang espiritu. Ipinakikita ng Ebanghelyo na ang ikalawa ang higit na mahalaga at laging ipinagkakaloob iyon ng Diyos, bagamat hindi niya laging ibinabalik ang kalusugang pisikal.

Sa Ebanghelyo, ipinatong ni Jesus ang kanyang mga kamay sa maysakit at kapag isinusugo ang kanyang misyonero, hinihingi niyang ipatong ang kanilang mga kamay sa mga maysakit o pahiran ang mga ito ng langis (Mc 6:13 at 16:18). Ang pagpapatong ng mga kamay ay parang pagsasalin sa iba ng kapangyarihang magpapagaling sa kanya, sa pangalan ni Kristo. Ginagamit naman ang langis na panggamot nang panahong iyon, ngunit binibigyan ni Kristo ng kapangyarihan na makapagpagaling sa kaluluwa. Ang dalawang simbolo ay maaaring isama sa panalangin.

Ang mga *Matatanda,* na namamahala sa mga pamayanang Kristiyano, maging pari man o layko, ay dapat dumalaw sa mga maysakit at ipanalangin ang mga iyon, samantalang hinihingi nila nang may buong pananampalataya na pagalingin ang mga iyon. Gayundin naman, kailangang anyayahan nila ang mga maysakit na kilalanin ang kanilang mga kasalanan at paghandaan ang pagtanggap sa mga kaloob ng Diyos.

Kapag binabanggit ng Iglesya ang sakramento ng maysakit, tinutukoy lamang nito ang pagpapahid ng langis na ginagawa ng sinumang tumanggap ng opisyal na kapangyarihan para sa sakramento (hanggang ngayon, pari lamang ang maaaring magbigay ng sakramentong ito.) Malaki ang pagkakaugnay ng simbahan sa sakramentong ito.

Sakramento lamang ang pagpapahid ng langis kung ipinagkakaloob ito ng pari. Hindi naman hinahadlangan nito na manalangin ang mga pinuno ng pamayanang Kristiyano at magpahid ng langis o magpatong ng kamay sa mga maysakit. Kapag tinangka nila na gawin ito nang may pananampalataya, sa pangalan ng simbahan, marami ang mga pag-aliw ng Diyos sa mga maysakit bilang paghahanda sa pagbabalik-loob.

Isang malaking kamalian, nang nagdaang panahon, na inilalaan lamang ang pagpapahid ng langis sa mga naghihingalo. Malubha ring pagkakamali kung hihintayin pang mawalan ng malay ang maysakit upang hindi mangamba iyon na nalalapit na ang kamatayan.

Tingnan ang komentaryo sa Lucas 10:9.

• 16. Sinabi ni Jesus kay Pedro: "Anumang pinatawad mo sa lupa ay patatawarin sa langit." (Mt 16:19). Iyon din ang sinabi niya sa mga apostol. "Anumang pinatawad ninyo sa lupa..." (Jn 20:23). Sinabi rin niya iyon sa simbahan (Mt 18:18). Tungkulin ng mga pastor ng simbahan na magpasya tungkol sa pakikipagkaisa ng mga makasalanan sa pamayanan – at sa Diyos. Gayunman, sa maraming pagkakataon, higit nating kailangan ang pagpapatawad ng isa o ilang tao na ating sinaktan at hingin iyon sa isang paraang payak: ang pagpapatawad ng isang kapatid sa pananampalataya ay magiging pagpapatawad na rin ng Diyos.

Gayundin naman, makabubuting ikumpisal natin ang ating mga kasalanan at pagkukulang sa maaaring makaunawa sa atin. Ang pagtitiwala ng isa at ang habag ng pangalawa: Wala nang kailangan pa upang malagay sa gitna ang Diyos.